Lalagyan ng mga dokumento para sa pagpapatunay

Kung hindi mo maisusumite ang mga dokumento para sa pagpapatunay dahil mahuhuling ilabas ang mga iyon, matatanggap mo ang pagbabawas sa ilalim ng kondisyon na isumite ang mga iyon hanggang Enero 31, 2024.

## ○Saklaw, atbp. ng premium ng insurance sa ilalim ng pagbabawas, at mga dokumentong ilalakip

### Premium ng life insurance

**Saklaw, atbp. ng premium ng insurance sa ilalim ng pagbabawas**

Ang premium ng life insurance sa ilalim ng pagbabawas para sa premium ng life insurance ay tumutukoy sa mga premium ng insurance at ibang premium na binayaran mo sa taong ito batay sa itinakdang kontrata ng life insurance, atbp. (Kasali rito ang nagtatakda ng pagbabayad ng pensiyon) o itinakdang kontrata ng insurance na salig dito babayaran ang gastusin para sa pagpapaospital at pagpapagamot dahil sa pagkakasakit o pagkakasugat sa katawan.
Dahil ang premium ng insurance at ibang premium sa ilalim ng pagbabawas ay hahatiin sa sumusunod na mga kategorya batay sa detalye ng kontrata ng insurance, petsa ng pagkokontrata, atbp., tiyakin kung ang mga iyon ay magiging nasa ilalim ng pagbabawas at ang kategorya ng bawat premium ng insurance gamit ang mga dokumento para sa pagpapatunay na inilabas ng kompanya ng life insurance, atbp., at saka punan ang angkop na mga bahagi ayon sa kategorya ng premium ng insurance.

| | Petsa ng pagkokontrata | |
|---|---|---|
| | Disyembre 31, 2011 o bago nito (Dating insurance, atbp.) | Enero 1, 2012 o pagkatapos nito (Bagong insurance, atbp.) |
| Premium ng karaniwang life insurance | Premium ng dating life insurance | Premium ng bagong life insurance |
| Premium ng insurance para sa medikal na pangangalaga | - | Premium ng insurance para sa medikal na pangangalaga |
| Premium ng insurance para sa indibidwal na pensiyon | Premium ng dating insurance para sa indibidwal na pensiyon | Premium ng bagong insurance para sa indibidwal na pensiyon |

(Paalala) 1 Ang halaga ng pagbabawas para sa premium ng life insurance ay ang kabuuang halaga (120,000 yen bilang pinakamalaki) ng bawat halaga ng pagbabawas na ikakalkula batay sa pormula sa unang pahina nito ayon sa kategorya na "Premium ng karaniwang life insurance", "Premium ng insurance para sa medikal na pangangalaga", at "Premium ng insurance para sa indibidwal na pensiyon".
2 Para sa "Premium ng karaniwang life insurance" at "Premium ng insurance para sa indibidwal na pensiyon", bilugan ang alinman sa premium ng bagong insurance, atbp. o dating insurance, atbp., sa pagsulat sa "Kategorya na Bago o Dati".
3 Ang kontrata, atbp. ng insurance sa ilalim ng "Premium ng karaniwang life insurance" at "Premium ng insurance para sa medikal na pangangalaga" ay limitado sa mga kontrata na itinakda sa mga iyon na ikaw, ang kabiyak mo, o ang ibang kamag-anak lang ay benepisyaryo.
Ang kontrata, atbp. ng insurance sa ilalim ng "Premium ng insurance para sa indibidwal na pensiyon" ay limitado sa mga kontrata na itinakda sa mga iyon na ikaw o ang kabiyak mo lang ay benepisyaryo, kapag buhay siya.

**Mga dokumentong ilalakip (*)**

**Mga dokumento para sa pagpapatunay na inilabas ng kompanya ng life insurance, atbp.**

Para sa premium ng dating life insurance mula sa premium ng karaniwang life insurance, kailangan mong isumite ang mga dokumento para sa pagpapatunay kung mahigit 9,000 yen ang premium ng insurance ng isang kontrata (natitirang halaga pagkatapos bawasan ng sobra na hinati sa iyo at dibidendo). Para naman sa premium maliban sa dating life insurance, kailangan mong isumite ang mga dokumento para sa pagpapatunay sa lahat ng mga iyon kahit magkano ang halaga. Para sa premium ng life insurance na binayaran mo sa pamamagitan ng espesyal na kontrata bilang grupo para sa pinagtatrabahuhan mo, kapag kinumpirma ng kinatawan o ahente na walang kamalian sa "Premium ng insurance, atbp. na binayaran mo sa taong ito" at "Benepisyaryo ng insurance, atbp." na isinulat sa application form na ito, hindi mo kailangang ilakip ang mga dokumento para sa pagpapatunay.

### Premium ng insurance para sa lindol, atbp.

**Saklaw, atbp. ng premium ng insurance sa ilalim ng pagbabawas**

Ang premium ng insurance para sa lindol sa ilalim ng Pagbabawas para sa premium ng insurance sa lindol, ay tumutukoy sa premium ng insurance at ibang premium para sa pinsala dahil sa lindol, atbp. (mula rito tatawaging "premium ng insurance para sa lindol") mula sa premium ng insurance at ibang insurance na binayaran mo sa taong ito, batay sa kontrata ng insurance para sa pinsala, atbp., na may layunin na kubrehan sa insurance o mutual aid ang bahay mo o ng iyong kamag-anak na nasa kabuhayan mong palaging ginagamit bilang tirahan at ang mga ari-arian na kadalasang kailangan sa kanilang buhay, at saka bayaran batay dito ang insurance o mutual aid na halaga para matustusan ang halaga ng pinsala sa mga ari-arian na nasira dahil nasunog, nawasak, nalubog, o natangay nang direkta o hindi direkta sa lindol, pagputok ng bulkan, o tsunami na nagyari dahil sa mga ito (mula rito tatawaging "pinsala sa lindol, atbp.").
At magagawa mong nasa ilalim ng Pagbabawas para sa premium ng insurance para sa lindol ang premium ng insurance at ibang insurance na binayaran mo sa taong ito batay sa kontrata ng pangmatagalang insurance para sa pinsala, atbp. (Paalala 1) na ginawa hanggang noong Disyembre 31, 2006 (mula rito tatawaging "dating pangmatagalang insurance para sa pinsala").
Pero, kung ang isang kontrata ng insurance para sa pinsala, atbp. ay nasa ilalim ng kategorya ng kontrata na kapuwa kontrata ng insurance para sa pinsala, atbp. at kontrata ng pangmatagalang insurance para sa pinsala, atbp. na salig sa mga ito babayaran ang insurance o mutual aid na pera para sa pinsala sa lindol, atbp., piliin ang isa sa mga iyon para sa kategorya ng kontrata at ikalkula ang halaga ng Pagbabawas para sa premium ng insurance para sa lindol.
Para sa halaga ng premium ng insurance para sa lindol o halaga ng pangmatagalang insurance para sa pinsala, tiyakin ang mga iyon sa mga dokumento para sa pagpapatunay na inilabas ng kompanya ng insurance para sa pinsala, atbp.

(Paalala)

1. Mula sa mga kontrata ng insurance para sa pinsala na itinakda sa Parapo 1 ng Artikulo 77 ng Income Tax Act bago nirebisa ang buwis noong fiscal year 2006, limitado ito sa mga kontratang may espesyal na kasunduan na babayaran ang refund sa pagtatapos ng buong panahon ng insurance o ng mutual aid at ang panahon ng mga iyon ay aabot sa 10 o higit na taon, na hindi ginawa ang anumang pagbabago sa kontrata sa Enero 1, 2007 at pagkatapos nito. At, hindi kasali rito ang kontrata, atbp. na ang panahon ng insurance o ng mutual aid nito ay nagsimula noong Enero 1, 2007 at pagkatapos nito.
2. Para sa "Kategorya ng premium ng insurance sa lindol o premium ng dating pangmatagalang insurance para sa pinsala", bilugan ang alinman sa premium ng insurance para sa lindol o premium ng dating pangmatagalang insurance para sa pinsala.

**Mga dokumentong ilalakip (*)**

**Mga dokumento para sa pagpapatunay na inilabas ng kompanya ng life insurance para sa pinsala, atbp.**

Kailangan mong isumite ang mga dokumento para sa pagpapatunay para sa lahat ng insurance kahit magkano ang halaga.

Ang paraan para sa premium ng insurance para sa pinsala na binayaran mo sa pamamagitan ng espesyal na kontrata bilang grupo ay pareho sa paraan para sa premium ng life insurance.

### Premium ng social insurance

**Saklaw, atbp. ng halaga ng insurance para sa pagbabawas**

Magiging nasa ilalim ng pagbabawas ang binayaran mo sa taong ito sa sumusunod na premium ng insurance na babayaran mo o ng kamag-anak mo na nasa kabuhayan mo.

(i) Premium ng national health insurance at national health insurance tax
(ii) Premium ng health insurance, welfare pension insurance, at mariners insurance (Kasali rito ang halagang babayaran ng taong tuloy-tuloy na boluntaryong insured.)
(iii) Premium ng insurance na itinakda sa Act on Assurance of Medical Care for Elderly People (Premium ng insurance para sa sistema ng medikal na pangangalaga para sa matatanda na nasa latter stage)
(iv) Premium ng insurance para sa pangangalaga na itinakda sa Long-Term Care Insurance Act
(v) Premium ng national pension o premium na binabayaran bilang taong sumasali sa pondo ng national pension
(vi) Premium ng insurance para sa farmers' pension, premium ng insurance para sa insurance sa pag-eempleyo

(Paalala)

1. Hindi mo kailangang isulat ang premium ng social insurance na kinuha mula sa suweldo dahil magiging nasa ilalim ng pagbabawas ito kahit hindi iyon ideklara sa application form na ito.
2. Sa pagsulat, tiyakin na hindi mo isinasama ang premium na hindi pa nabayaran o na binayaran mo na nang patiuna para sa mahigit 1 taon (hindi kasali rito ang binayaran nang patiuna batay sa itinakda sa batas).

**Mga dokumentong ilalakip (*)**

**Para sa premium ng insurance ibang insurance na inilagay sa (v) sa kaliwa, mga dokumento para sa pagpapatunay na inilabas ng Ministry of Health, Labour and Welfare o bawat pondo ng national pension**

Maliban sa (v), hindi mo kailangang isumite ang mga dokumento para sa pagpapatunay.

### Premium ng mutual aid para sa maliliit na negosyo, atbp.

**Saklaw, atbp. ng halaga ng insurance para sa pagbabawas**

Magiging nasa ilalim ng pagbabawas ang sumusunod na premium na binayaran mo sa taong ito.

(i) Premium batay sa kontrata ng mutual aid ng Organization for Small & Medium Enterprises and Regional Innovation,JAPAN (Hindi kasali rito ang dating kontrata ng mutual aid Type-2.)
(ii) Premium ng taong sumasali sa corporate-type na pensiyon na itinakda sa Defined Contribution Pension Act
(iii) Premium ng taong sumasali sa personal-type na pensiyon na itinakda sa Defined Contribution Pension Act
(iv) Premium batay sa kontratang naaangkop sa itinakdang mga kahilingan sa ilalim ng sistema ng mutual aid para sa pangangalaga sa mga taong may kapansanan sa mental at pisikal, na isinasagawa ng lokal na awtoridad sa mga taong may kapansanan sa mental o pisikal ayon sa kanilang ordinansa.

(Paalala)

Hindi mo kailangang isulat ang premium ng mutual aid para sa maliliit na negosyo, atbp. na kinuha mula sa suweldo dahil magiging nasa ilalim ng pagbabawas ito kahit hindi iyon ideklara sa application form na ito.

**Mga dokumentong ilalakip (*)**

**Mga dokumento para sa pagpapatunay na inilabas ng Organization for Small & Medium Enterprises and Regional Innovation, National Pension Fund Association, at lokal na awtoridad**

Kailangan mong isumite ang mga dokumento para sa pagpapatunay para sa lahat ng premium kahit magkano ang halaga.

* Sa pagsusumite sa taong nagbabayad ng suweldo ng mga bagay na dapat isulat sa application form para sa pagbabawas para sa premium ng insurance gamit ang elektronikong paraan, puwede mong isumite sa taong nagbabayad ng suweldo ang mga bagay na dapat isulat sa mga dokumento para sa pagpapatunay gamit ang elektronikong paraan, sa halip na isumite o ipakita ang mga dokumento para sa pagpapatunay na dapat ilakip sa application form para sa Pagbabawas para sa premium ng insurance.